**LESSON 2: ANG PAGSISISI AT BAUTISMO**

**PAGSAMBA AT PANALANGIN:**

Umawit ng 1-2 papuring awit at ipanalangin ang kapayapaan sa bansa, ang paglaganap ng ebanghelyo, paglukob ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at katagumpayan ng discipleship meeting.

**PANIMULA:**

Bigkasin ang Memory Verse

**Mga Tanong:**

1. Ilan ang naibigay mong Gospel tracts? Ilan ang naturuan mo ng Lesson 1?
2. Anu-ano ang mga hadlang sa pagbabahagi ng Lesson 1? Ano ang solusyon dito?
3. Bakit sa palagay mo ay hindi madaling tumalikod sa kasalanan?

**TALAKAYAN:**

Basahin at pag-aralan ang mga sumusunod na talata.

1. **Awit 32:5 ASND**
   Ngunit sa wakas, ipinagtapat ko ang aking mga kasalanan sa inyo; hindi ko na ito itinago pa. Sinabi ko nga sa sarili ko, “Ipagtatapat ko na ang aking mga kasalanan sa Panginoon.”
   At pinatawad n’yo ako.

2. **Isaias 59:1-2 ASND**
   Makinig kayo! Ang Panginoon ay hindi mahina para hindi makapagligtas. Hindi rin siya bingi para hindi makarinig kapag tumawag kayo sa kanya. Ang inyong mga kasalanan ang siyang naglayo sa inyo sa Dios at iyon ang dahilan kung bakit niya kayo tinalikuran at ayaw nang makinig sa inyong mga dalangin.

3. **2 Corinto 7:9-10 ASND**
   Ngunit masaya ako ngayon, hindi dahil malungkot kayo, kundi dahil naging paraan iyon para magsisi kayo. At iyan nga ang nais ng Dios na mangyari, kaya hindi nakasama sa inyo ang aking mga sinulat. Sapagkat ang kalungkutang ayon sa kalooban ng Dios ay nagdadala sa atin sa pagsisisi, at nagdudulot ng kaligtasan. Hindi pinagsisihan ang ganitong kalungkutan. Ngunit ang kalungkutan ng mga taong makamundo ay nagdadala sa kanila sa kamatayan.

4. **Mateo 3:8 ASND**
   Kung tunay na nagsisisi kayo sa inyong mga kasalanan, patunayan ninyo ito sa inyong mga gawa.

5. **Gawa 26:20 ASND**
   Ang una kong ginawa ay nangaral ako sa Damascus at pagkatapos ay sa Jerusalem. Mula sa Jerusalem inikot ko ang buong Judea, at pinuntahan ko rin ang mga hindi Judio. Pinangaralan ko sila na dapat silang magsisi sa kanilang kasalanan at lumapit sa Dios, at ipakita nila sa pamamagitan ng kanilang mga gawa na sila’y totoong nagsisisi.

6. **1 Corinto 6:9-11 ASND**
   Hindi n'yo ba alam na hindi magmamana ng kaharian ng Dios ang masasama? Huwag kayong palilinlang! Sapagkat kailanma'y hindi magmamana ng kaharian ng Dios ang mga imoral, sumasamba sa dios-diosan, nangangalunya, nakikipagrelasyon sa kapwa lalaki o babae, magnanakaw, sakim, lasenggo, mapanlait, at mandarambong. 11At ganyan nga ang ilan sa inyo noon. Ngunit nilinis na kayo sa inyong mga kasalanan at ibinukod na kayo ng Dios para maging kanya; itinuring na kayong matuwid dahil sa Panginoong Jesu-Cristo at sa Espiritu ng ating Dios.

7. **1 Juan 1:9 ASND**
   Ngunit kung ipinagtatapat natin sa Dios ang ating mga kasalanan, maaasahan nating patatawarin niya ang ating mga kasalanan at lilinisin tayo sa lahat ng uri ng kasamaan dahil matuwid siya.

   Tanong:
   Anu-ano ang mga kasalanan na dapat mong talikuran? Isa-isahin… Maging tapat ka sa Dios upang ikaw ay makalaya.

8. **Marcos 1:4-5 ASND**
   At natupad ito noong dumating si Juan na tagapagbautismo roon sa ilang. Napakaraming tao ang pumunta sa kanya galing sa Jerusalem at sa buong lalawigan ng Judea. Nangaral si Juan sa mga tao, "Magsisi kayo at talikdan ang inyong mga kasalanan; magpabautismo kayo para sa kapatawaran ng inyong mga kasalanan." Ipinahayag nila ang kanilang mga kasalanan at binautismuhan sila ni Juan sa Ilog ng Jordan.

9. **Marcos 16:16 ASND**
   Ang lahat ng sasampalataya at magpapabautismo ay maliligtas, ngunit ang hindi sasampalataya ay parurusahan.

10. **Roma 6:4 ASND**
    Kaya noong binautismuhan tayo, namatay tayo at inilibing na kasama niya. Kung paanong binuhay muli si Cristo sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo rin ay mamuhay sa bagong buhay.

**MGA PUNTOS NA DAPAT TANDAAN:**

1. Ang pagsisisi ay isang pag-amin sa nagawang kasalanan at pagtalikod dito. Ang pagsisisi ay hindi panunumbat sa mga tao o pangyayari at hindi rin ito matinding kalungkutan lamang sa nagawang mali, kung hindi ito ay pagkilala sa ating nagawang kasalanan sa harap ng Diyos na nagbubunsod sa atin ng tunay na pagbabago.
2. Ang Diyos ay lubos na mapagpatawad at patatawarin tayo sa lahat ng ating mga kasalanan, kahit ano pa man ito.
3. Ang katunayan na tayo ay anak ng Diyos ay ang pagtalikod sa kasalanan.
4. Ang bautismo ay iniutos ng Panginoong Hesus pang ating tupdin bilang tanda ng ating pagsampalataya kay Hesus bilang ating Panginoon at Tagapagligtas at bilang tanda ng pagtalikod sa kasalanan.

**PANALANGIN NG PAGTATALAGA NG BUHAY KAY HESUS BILANG PANGINOON AT TAGAPAGLIGTAS:**

"Panginoong Hesus, patawarin mo po ako sa lahat ng aking mga kasalanan sa isip, sa puso at sa gawa. Pinagsisisihan ko po ng lubos ang lahat ng mga ito, ako po ay lubos na nagpapakababa sa iyong harapan. Binubukasan ko po ang aking puso at tinatanggap kita bilang aking Panginoon at Tagapagligtas. Itinatakwil ko po si Satanas at ang lahat ng kanyang mga gawa at impluwensiya sa buhay ko. Isulat po Ninyo ang aking pangalan sa aklat ng buhay. Ito po ang aking panalangin sa pangalan ng Panginoong Hesus, Amen!"

**MEMORY VERSE:** 1 Juan 1:9 / 2 Corinto 7:10

**TAKDANG ARALIN:**

a. Magsulat ng 5-10 pangalan ng mga taong mahalaga sa iyo na nais mong ibahagi ang Kaligtasan.
   1.
   2.
   3.
   4.
   5.

b. Ipanalangin araw-araw ang mga pangalan na isinulat mo.
c. Magpamigay ng 20-30 Gospel tracts (siguraduhing nakalagay ang iyong pangalan o ng simbahan at contact number sa likod ng gospel tract)
d. Pag-aralan ang susunod na lesson para sa susunod na pagkikita.
e. Humiling ng appointment sa iyong pastor o discipler para sumalang sa healing and deliverance. Malaking bagay ito upang lubos na makalaya sa bisyo at kasalanan.

**CATCH THE VISION:**

Bakit kailangan nating ipahayag ang salita ng Diyos sa iba? (Basahin ang Lucas 10:1-2)

**MANALANGIN PARA SA BAWAT ISANG KASAMA SA GRUPO**

1. Para sa pananampalataya na magpatuloy at hindi tumalikod.
2. Para sa kapayapaan ng isip.
3. Para sa paglagong espirituwal sa buhay Kristiyano.
4. Para sa lakas ng loob at kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magbahagi ng leksiyon na ito sa iba at magdisipulo ng ibang mananampalataya.
5. Para sa kagalingan ng mga sakit.
6. Para sa financial blessing.
7. Para sa pastor at sa kanyang pamilya.
8. Para sa iba pang pangangailangan.